JULY 2022 | ISSUE 3

PLAWD NEWSLETTER

PLARIDEL WATER DISTRICT

PLARIDEL WATER DISTRICT

Ground Breaking Ceremony



Page 1 to Page 2

Paano Ginagamit ang Corporate Funds?

Page 3 to Page 4

Ano ang Non-Revenue Water (NRW)?

Page 5 to Page 6

PROJECT UPDATE

Page 7

GAD Activity

TREE Planting

Page 8

Money Saving Tips

Page 9

Plaridel Septage & Sewage Facility

Matagumpay na isinagawa ang Ground Breaking ng Proposed Septage and Treatment Facility para sa bayan ng Plaridel sa Bulihan MRF, Brgy. Bulihan, Plaridel, Bulacan noong Hunyo 21, 2022 sa ganap na 7:30 ng umaga. Pinasinayaan ito ng mga piling bisita mula sa Plaridel-Local Government Unit, Local Water Utilities Administration (LWUA), at Plaridel Water District (PLAWD).

Pinangunahan ni Mayor Anastacia R. Vistan ang delegasyon mula sa Plaridel-LGU. Nakipag-kasundo ang Plaridel LGU sa pamamagitan ng Usufruct Agreement na sa isang bahagi ng Bulihan MRF itatayo ang Septage and Treatment Facility.



Dumalo rin ang matataas na opisyal ng LWUA sa nasabing Ground Breaking. Maagang dumating sina Eileen L. Dela Vega, Officer-In-Charge, LWUA, Engr. Jocelyn P. Guce, Acting Deputy Administrator – LWUA Engineering Services, Engr. Esmeraldo L. Viloria, Water Utilities Development Chief, LWUA at mga kasamahan. Ang LWUA ang magbibigay ng pondo para sa nasabing proyekto.

Ground Breaking

Plaridel Septage & Sewage Facility

Naroon din ang PLAWD Board of Directors – Chairman Nathanael Andres S. Bernabe, Jr., Engr. Rainier P. Patawi, Nancy Dela Cruz, at Amira De Leon Arroyo.

Lumahok rin ang mga Managers ng PLAWD – IGM Mario G. Macatangay, DM Justin Michael B. Berango – Administrative Division, DM Reynante D. Francisco – Engineering Division, DM Marifaye H. Ersando – Commercial Division at mga kawani.

Naging matagumpay ang Ground Breaking sa pakikiisa at kooperasyon ng mga kawani ng Plaridel LGU at Plaridel Water District.

Ground Breaking

Responsableng Pag-gamit ng Corporate Funds

Saan po ba napupunta ang kinokolektang bayad sa tubig ng ating pamunuang Plaridel Water District (PLAWD)? Ang pera pong nakukulekta ng PLAWD ay napupunta o ginagastos sa mga sumusunod:

1. Pagawain para sa pag-sasaayos ng ating mga tubo at linya ng tubig;
2. Pagpapalawig ng nasasakupang lugar para mabigyan ng serbisyo ng tubig ang mas nakararaming Plarideleño;
3. Pambili ng chlorine para misiguro na ang tubig na nakukuha ng mga konsyumer ay malinis at naaayon sa alintuntunin ng Philippine Water Standards;
4. Pambili ng mga ari-arian gaya ng lupa na pwedeng gawing source of supply at pumping stations, bomba/makina para sa pampapatubig at ng mga gamit na kinakailangan sa pagpapatakbo ng opisina gaya ng computers, chairs, tables, aircon, materyales at iba pa;
5. Pampasweldo o pang-upa sa serbisyo ng mga opisyal at kawani ng PLAWD;
6. Pambayad ng kuryente at gasolina para sa pagpapatakbo ng mga makina sa pampatubig (pumps), idagdag pa rito ang Bulacan Bulk na kinukuhanan natin ng bultong tubig upang magkaroon ng sapat na tubig na maibigay sa mga konsyumer;

7. Pagsasanay ng mga kawani upang madagdagan ang kaalaman para mas maayos ang pagpa-patakbo ng patubigan; at
8. Iba pang mga gastusin sa pang araw-araw na pangangailangan upang makapagbigay ng magandang serbisyo sa mamamayan ng Plaridel.

Bilang isang pamunuan ng gobyerno, kami ay may responsibilidad na pangalagaan ang pondo at gumastos ng naayon lamang sa taunang aprubadong "Corporate Budget" ng Board of Directors. Kaya naman sinisiguro ng pamunuan na ang mga gastusin ay nagagamit ayon sa batas at napapakinabangan ng maaayos at ng ang ginastos ay sulit.

Sa kasalukuyan, ang pamunuan ng PLAWD ay mahigpit na sumusunod sa alituntunin ng iba pang sangay ng Gobyerno gaya ng Local Water Utilities Administration, Commission on Audit, Department of Budget and Management, Civil Service Commission, at iba pa. At umasa po kayong ang buong pamunuan ay patuloy na pangangalagaan ang pondo ng District at gagastusin lamang ayon sa ipinag-uutos ng batas at para lamang sa ikauunlad ng pampatubigang ahensya ng Plaridel, para sa isang maganda at mahusay na serbisyo.

Non-revenue Water (NRW)

Ang non-revenue water (NRW) o system losses ay ang na produced na tubig subalit ito ay nasayang o kaya'y nawala bago umabot sa mga customer. Ang mga dahilan ng pagkasayang ng tubig ay tagas sa linya ng mga tubo, illegal na connection, at pagnanakaw ng tubig.

Ang pamunuan ng PLAWD ay gumagawa ng mga hakbang para mabawasan ang non-revenue water katulad ng leak repair, pipe replacement, meter inspection at calibration. Narito ang ilan sa mga ginawang pagsasaayos ng PLAWD...

Location: Barangay Bintog

Leak Repair



Brgy. BANGA I
JUNE 01, 2022

Brgy. BANGA I
JUNE 02, 2022

Brgy. BANGA II
JUNE 02, 2022

Brgy. LUMANG BAYAN
JUNE 03, 2022

Brgy. BANGA II
JUNE 13, 2022

Brgy. TABANG
JUNE 15, 2022

Brgy. CULIANIN
JUNE 06, 2022

Brgy. TABANG
JUNE 20, 2022

Brgy. TABANG
JUNE 23, 2022

PROJECT UPDATE

Brgy. Bulihan Inter-Connection - Part of 3080 meters

Status: Completed 100%

PROJECT UPDATE



Brgy. Lagundi 200 mm diameter PVC Pipe - 521 meters

Status: On Going 71.20%

Nagsagawa ng Tree Planting ang mga kawani ng PLAWD sa Bulihan, Culianin at Tabang Pump Stations noong June 24, 2022 bilang bahagi ng Gender and Development Activity. Labing-limang (15) puno at siyam (9) na ornamental plants ang bagong naitanim. Nais ng pamunuan ng PLAWD na ang mga pump stations ay sagana rin sa mga puno at pananim, tulad ng manga, macopa, pine tree, mulberry at marami pang iba.

7 Simple Money Saving Tips

Sumapit na naman ang araw ng sweldo na pinakahihintay ng bawat empleyado. Ngunit bakit may iilan ata ang hindi masaya dito? Dahil ba parang dumadaplis na lang sa palad mo ang iyong sahod? Isa ka din ba sa litong lito na sa dami ng mga due date na dapat tandaan? Ano ang iyong gagawin kung isang araw ka pa lang sumu-sweldo ay petsa de peligro na naman? Sakit 'no? Pero huwag ka mag-alala, hindi mahalaga kung gaano man kalaki o kaliit ang sweldo. Ito ay nasa disiplina at tamang pagpaplano ng gastusin. Narito ang ilang mga tips kung paano makatipid at makaipon.

1. Iwasan ang "One Day Millionaire Mentality"

Huwag ubos biyaya pagdating ng araw ng sweldo. Isipin ang gastos sa mga susunod pa na araw. Maaaring gamitin dito ang 70-20-10 rule kung saan 70% ng sweldo ay para sa necessities o mga pangagailangan, 20% ang ilalagay sa iyong savings, at ang natitirang 10% ay para sa iba pang mga gastusin.



2. Maglaan ng budget bago bumili

Kung lalagpas lang din sa nilaang budget ang bagay na nais bilhin, mabuti pang huwag na munang bilhin ito upang hindi masakripisyo ang budget na nakalaan sa mas importanteng bagay. Tandaan, huwag gumastos ng higit sa kinikita.

3. Hangga't maaari ay unahin ang pangangailangan kaysa sa kagustuhan

Bago bumili ng kahit ano, tanungin muna ang sarili kung kailangan ba talaga ito. Bago unahin ang mga luho, siguruhin muna na bayad na ang renta, kuryente, tubig, at groceries. Hindi naman masamang i-reward ang sarili paminsan-minsan pero huwag makakalimot na unahin ang mga pangunahing pangangailangan.

4. Humanap ng additional source of income

Kung sa kabila ng iyong pagtitipid ay nagigipit pa rin, isang solusyon ang paghahanap ng extra income upang maitawid ang pang-araw araw na gastusin. Gamitin ang social media upang makilala ang business na nais mo.

5. Planuhin ang pagkain sa araw araw

Isang malaking balakid sa pagba-badyet at pag-iipon ang madalas na pagkain sa mga fast food o restaurants. Mas mabuti na gumawa ng lingguhan o buwanang menu para iyon lang din ang bibilhin sa palengke. Mas mura na, mas healthy pa.

6. Goodbye bisyo



Tanggalin ang mga bisyo tulad ng pagsisigarilyo, pagsusugal at pag-inom. Wala itong mabuting maidudulot. Maaari pang malubog sa utang o makasama sa kalusugan kung masusobrahan ka sa mga ito.

7. Iwasan ang mga shopping app

Marupok ka rin ba sa tuwing may mga sale at free shipping na nakikita sa mga advertisements? Maaaring ito ang dahilan kung bakit nakakagastos ng higit sa iyong budget. Mag-isip ng makalawang beses kung ito ba ay pangangailangan bago pa man mag-check out.

PLAWD'S Creative Team

NEXT ISSUE
Coming Soon